# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

FILE COPY
DATE: 5-26

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-19 NG MAYO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO............. | PANG.PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier,Jr......... | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Udejar.......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez........... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. De Leon............. | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas............ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca............. | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco.......... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor........ | Kagawad |

## KAPASIYAHAN BLG. 111-T'99

**KAPASIYAHANG HUMIHILING SA KGG. RAMON REVILLA, SENADOR NG BANSA, NA MAPAGKALOOBAN ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG HALAGANG ISANG MILYON SIYAMNARAANG LIBONG PISO (P1,900,000.00) UPANG MAGSILBING GUGULIN SA PAGSASAAYOS AT PAGKUKUMPUNI NG TULAY NG STO. ANGEL CENTRAL PATUNGO SA PAMILIHANG BAYAN.**

**SAPAGKA'T,** matapat na hangarin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na maipaayos ang tulay ng Sto. Angel Central dahilan sa kapakinabangan at kagaanang naidudulot nito sa pagpapabilis ng pagdadala ng mga paninda at pagtungo sa pamilihang bayan;

**SAPAGKA'T,** malaking pangamba ang nararamdaman ng mga mamamayan kapag dumaraan sa nasabing tulay dahilan sa nakikitang pagkabulok ng kahoy at pagkasira ng ilang mga bahagi nito;

**SAPAGKA'T,** may patunay ang Kagawaran ng Pagawaing Bayan at Lansangan (DPWH) na maliit na sasakyan lamang ang maaaring makadaan sa kasalukuyan sa naturang tulay dahilan sa nakikitang kalagayan nito;

**SAPAGKA'T,** ang kapakanan ng higit na nakararaming mga mamamayan ang lubos na minimithi ng bayang ito;

**SAPAGKA'T,** walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna upang maipaayos ang naturang tulay;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. De Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Florencio C. Udejar at sa buong pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na humiling sa Kgg. Ramon Revilla, Senador ng Bansa, na mapagkalooban ang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng halagang P1,900,000.00 upang magsilbing gugulin sa pagsasaayos at pagkukumpuni ng tulay ng Santo Angel Central patungo sa pamilihang bayan.

**PINAGPASIYAHAN PA:** Na ipadama ang taos-pusong pasasalamat sa Kgg. Senador Ramon Revilla, na siyang nagmamalasakit para sa kapakanan ng mga mamamayan sa bansa.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Kgg. Senador Ramon Revilla, Lungsod ng Pasay, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Inhinyero at Pambayang Pinuno sa Pagpaplano at Pagpapaunlad, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

CERTIFIED XEROX COPY
RECORDED
BY:
DATE
STA. CRUZ, LAGUNA

RECORDED
BY:
DATE
STA. CRUZ, LAGUNA